

Para sa mga dayuhan na nakatira sa Japan Kurso sa Pagpapabuti ng Kasanayan sa Paghahanap ng Trabaho

Praktis sa Pagkuha
ng Interview

Japanese para sa Trabaho

Caregiving

Kasanayan sa Kompyuter



Panahon ng pagsasanay (Oras ng kurso)	Lun., Mar. 2, 2026 – Mar., Hun. 30, 2026 (4 buwan) (9:30 ng umaga – 4:00 ng hapon)		
Sentro ng pagsasanay Huling araw sa 27/Ena.	Career College ITOGEN	1-7 Motoayano Minakuchi-cho Koka-shi	MAP 
Panahon ng Aplikasyon	Mar., Ena. 6, 2026 – Mar., Ena. 27, 2026		
Saan ka maaaring magparehistro?	Hello Work (Pampublikong Opisinapar a sa Empleyo) Habang nasa kurso, maaari kang makatanggap ng tulong na pera. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa Hello Work.		
Sino ang maaaring makilahok sa kurso?	① Mga dayuhang may paninirahang pangmatagalan o permanente at ang kanilang mga asawa, na marunong bumasa at sumulat ng hiragana at katakana, at makapagsalita ng simpleng wikang Hapon. ② Mga taong rehistrado sa Hello Work at naghahanap ng trabaho.		
Kapasidad	15 tao (Kung walang sapat na bilang ng mga kalahok, maaaring hindi matuloy ang kurso.).		
Bayad	Libre ang paglahok. (Gastos sa materyales ¥4,000)		

◆ Kung mag-aaral ka ng apat na buwan, makakakuha ka ng sertipiko. Magagamit mo ito sa paghahanap ng trabaho.

◆ Siguraduhin mong dumaan sa oryentasyon. (Guidance)

Araw, oras at lugar ng oryentasyon

raw	Hu., Feb. 5, 2026 13:00~ (Pagsisimula 12:30~)
Lugar	Career College ITOGEN
Pakiusap	Kung mahuhuli kayo sa sesyon ng oryentasyon o hindi makakadalo, tawagan kami. Techno College Maibara (0749-52-5300) Career College ITOGEN (0748-65-2345)

Narito ang kurikulum



1. Wika ng Hapon

Gagawa ka ng mga pangungusap sa Hapon at gagamit ng kanji, habang natututo tungkol sa gramatika ng Hapon, pag-uusap, at kultura ng Hapon.

2. Mga Kasanayan sa Propesyon

Magpapraktis ka kung paano magsimula ng pag-uusap sa mga tao na unang beses mong nakikilala. Matututuhan mo ang mga tamang asal sa negosyo sa Hapon, mga kasanayan sa komunikasyon, at mga paraan ng pagtanggap sa customer, at makakamtan ang mga kasanayan na magagamit sa trabaho.



3. Mga Batayang Kaalaman sa Pag-aalaga

Matututuhan mo ang mga pangunahing kaalaman at kasanayan sa pag-aalaga. Magpapraktis ka sa pagtulong sa paggalaw, pagkain, paggamit ng banyo, pagpapalit ng damit, paliligo, at pagpapanatili ng kalinisan sa katawan.

4. Kasanayan sa Kompyuter

Matututuhan mo kung paano gumamit ng kompyuter sa wikang Hapon, kasama na ang pag-input ng mga salitang Hapon at kung paano ayusin ang mga file. Magpapraktis ka ng paggawa at pag-edit ng mga dokumento, pati na ang paggawa ng mga hugis at mga talahanayan (Word). Matututuhan mo rin kung paano gumawa ng mga kalkulasyon at mga talahanayan sa Excel.

Praktis sa Kompyuter: Magpapraktis ka sa paggamit ng Word at Excel upang gumawa ng mga dokumento at ulat na ginagamit sa trabaho.

Presentasyon: Matututuhan mo kung paano gumamit ng PowerPoint para gumawa ng mga slide, maglagay ng mga hugis at larawan, at gumawa ng presentasyon.



5. Suporta sa Pagtatrabaho

Suportado ang iyong paghahanap ng trabaho. Matututuhan mong paano maghanap ng mga oportunidad sa trabaho, gumawa ng Job Card, kilalanin ang iyong mga kalakasan, at linawin ang iyong mga dahilan para pumasok sa isang kumpanya. Magpapraktis ka sa paggawa ng mga dokumento sa aplikasyon at mga kasanayan sa interbyu. Magkakaroon din ng mga konsultasyon sa karera para sa iyong paghahanap ng trabaho.



- **Techno College Maibara**
(Shiga Prefectural Vocational Training Center, Maibara Campus)
411-1 Iogii, Maibara City, Shiga 〒521-0091 ☎ 0749-52-5300
Coordinator for Foreign Residents' Training
Website: <https://www.pref.shiga.lg.jp/kougai/>
Facebook: <https://www.facebook.com/kogisen.maibara>



Website



Facebook

- **Shiga Prefectural Department of Commerce, Tourism and Labor Labor Employment Policy Division**
4-1-1 Kyomachi, Otsu City (Shiga Prefectural Government East Building 4F) 〒520-8577
☎ 077-528-3755